OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 9-29-23 Time: 10 : 20

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-146

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT (DSWD) NA NAUUKOL SA PAGPAPATUPAD NG SUPPLEMENTAL FEEDING PROGRAM."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Kagalingan at Serbisyong Panlipunan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Department of Social Welfare and Development;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa Social Feeding Program na naglalayong mabigyan ng karagdagan pagkain na kinakain ng mga kabataang edad 2-5 taong gulang na naka-enrol sa Child Development Center (CDC) at Supervised Neighborhood Play (SNP) bilang kontribusyon ng DSWD sa early childhood care and development (ECCD) program ng gobyerno;

**SAPAGKA'T,** sa masusing pag-aaral ng Lupon sa Kagalingan at Serbisyong Panlipunan ay napatunayang ang kasunduang ito ay higit na makakatulong upang mabigyan ng sapat na nutrisyon ang mga bata at matulungan silang lumaking malusog.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na bigyan pahintulot ang Punong Bayan, Francis Albert G. Juan, na katawanin ang

Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Department of Social Welfare and Development (DSWD) na nauukol sa pagpapatupad ng supplemental feeding program.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-18 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim